

Propeta Elijah at ang Anak ng Biyuda

(1 Hari 17)

Noong unang panahon, sa isang malayong lugar, may isang lalaking nanggagalang Elijah. Si Elijah ay isang espesyal na tao dahil siya ay isang propeta. Ang propeta ay kinakausap ng Diyos upang ibahagi ang Kanyang mensahe sa mga tao.



Nang panahong iyon, si Haring Ahab ang namumuno sa bansang Israel. Si Haring Ahab at ang kanyang asawa ay sumasamba kay Baal at patuloy na sumusuway sa Diyos. Isang araw, pinapunta ng Diyos si Elijah kay Haring Ahab upang sabihin na makakaranas ng matinding tagtuyot ang bansang Israel dahil sa kanyang pagsuway. Hindi magpapadala ng ulan ang Diyos sa mga darating na taon hanggat hindi Niya sinasabi.

Pagkatapos ibigay ni Elijah ang mensahe, sinabi ng Diyos sa kanya na magtago sa tabi ng isang maliit na batis na tinatawag na Kerith Ravine. Sumunod si Elijah sa sinabi ng Diyos. Nangyari ang mga bagay tulad ng sinabi ni Elijah. Huminto ang ulan, at natuyo ang lahat.

Hindi pinabayaan ng Diyos si Elijah. Nagpadala Siya ng mga uwak, malalaking itim na ibon, upang dalhan siya ng pagkain tuwing umaga at gabi. Dinadala ng mga uwak sa kanya ang tinapay at karne, at umiinom si Elijah ng tubig mula sa batis.

Lumipas ang panahon at natuyo ang batis dahil walang ulan, ngunit may ibang plano ang Diyos para kay Elijah. Sinabi ng Diyos sa kanya na pumunta sa isang bayan na tinatawag na Zarepath, kung saan may isang mabait na babae na magpapakain sa kanya.

Naglakbay si Elijah papunta sa Zarepath. Pagdating niya roon, nakita niya ang isang biyuda na nag-iipon ng mga panggatong. Hiniling ni Elijah sa kanya na bigyan siya ng maiinom na tubig at isang pirasong tinapay. Malungkot na sinabi ng babae na wala siyang tinapay, isang dakot lamang ng harina at kaunting langis ang mayroon siya, na balak niyang gamitin para sa huling pagkain nila ng kanyang anak.

Ngumiti si Elijah at sinabi, "Huwag kang mag-alala. Umuwi ka at gumawa ka muna ng tinapay para sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka rin para sa iyo at sa iyong anak. Nangako ang Diyos na ang iyong banga ng harina at lalagyan ng langis ay hindi mauubos hanggang sa araw na magpadala muli ng ulan ang Diyos."

Naniwala ang biyuda kay Elijah at ginawa ang kanyang sinabi. At tulad ng ipinangako ng Diyos, ang banga ng harina at ang lalagyan ng langis ay hindi nauubos. Lagi silang may pagkain hanggang natapos ang tagtuyot.

Nananatili si Elijah kasama ang biyuda at ang kanyang anak sa mahabang panahon, at naging magkaibigan sila. Pero isang araw, ang anak ng biyuda ay nagkasakit nang malubha. Hindi na siya humihinga. Labis na nalungkot ang biyuda at sumigaw kay Elijah, "Bakit nangyari ito? Dumating ka ba para ipaalala sa akin ang aking mga kasalanan at mamatay ang aking anak?"

Kinuha ni Elijah ang bata mula sa mga bisig ng kanyang ina, dinala siya sa itaas sa silid kung saan siya nanunuluyan, at inihiga sa kanyang kama. Nagdasal si Elijah sa Diyos, "O Panginoon kong Diyos, pakiusap, hayaan mong bumalik ang buhay ng batang ito."

Pinakinggan ng Diyos ang dasal ni Elijah. Bumalik ang buhay ng bata, at muli siyang huminga! Kinuha ni Elijah ang bata, dinala siya pababa, at ibinalik sa kanyang ina. "Tingnan mo," sabi ni Elijah, "buhay na ang iyong anak!"

Labis na natuwa ang biyuda at sinabi kay Elijah, "Ngayon alam ko na ikaw ay isang tao ng Diyos at ang salita ng Panginoon mula sa iyong bibig ay totoo."

Ang Diyos ay tunay na makapangyarihan. Ang mga himala sa kuwento, tulad ng walang katapusang harina at langis at ang batang muling nabuhay, ay nagpapakita na ang Diyos ay napakakapangyarihan. Kayang gawin ng Diyos ang anumang bagay ayon sa Kanyang kalooban at ang Kanyang kapangyarihan ay lampas sa ating imahinasyon. Sa pamamagitan din ng pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan, maliwanag na ipinapahayag ng Diyos ang Kanyang pagmamahal at pangangalaga kila Elijah, sa biyuda at kanyang anak.

